# Hunyo 2, 2026 Buong Estadong Direktang Primaryang Halalan
# Anunsiyo sa Pampublikong Serbisyo

*Ang Registrar ng mga Botante sa Kondado ng Orange ay nakatuon sa pagprotekta sa karapatan ng bawat botante na bumoto nang madali at ligtas*

SANTA ANA, Calif. — Mayo 4, 2026 — Nagsimula na ang pagboto para sa Hunyo 2, 2026 Buong Estadong Direktang Primaryang Halalan.

Ang mga balota ay ipinapadala sa lahat ng aktibong rehistradong botante sa Kondado ng Orange.

May apat na opsyon ang mga botante upang bumoto sa halalang ito:

1. Ipadala ang balota sa o bago ang Araw ng Halalan (hindi kinakailangan ng selyo). Para sa mga lokasyon ng mailbox, bisitahin ang ocvote.gov/mail.

2. Gumamit ng isa sa 128 ligtas na kahon ng hulugan ng balota sa Kondado ng Orange. Para sa mga lokasyon, bisitahin ang ocvote.gov/dropbox.

3. Ihulog nang personal ang balota sa alinmang Sentro ng Pagboto sa Kondado ng Orange.

4. Bumoto nang personal sa alinmang Sentro ng Pagboto sa Kondado ng Orange.

Simula Sabado, Mayo 23, ang piling mga Sentro ng Pagboto ay bukas mula 10 a.m. hanggang 6 p.m. Mula Sabado, Mayo 30 hanggang Lunes, Hunyo 1, lahat ng mga Sentro ng Pagboto ay bukas mula 10 a.m. hanggang 6 p.m. Sa Araw ng Halalan, lahat ng mga Sentro ng Pagboto ay bukas mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Para sa kumpletong listahan ng mga lokasyon at oras ng mga Sentro ng Pagboto, bisitahin ang ocvote.gov/votecenter.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Hunyo 2, 2026 Pambuong-Estadong Direktang Primaryang Halalan, hinihikayat ang mga botante na bisitahin ang ocvote.gov o tumawag sa Voter Hotline ng Registrar ng mga Botante sa 888-OCVOTES o 888-628-6837.

# # #

**Tungkol sa Registrar ng mga Botante:**
Ang Registrar ng mga Botante ay responsable sa pagsasagawa ng mga halalan sa Kondado ng Orange, ang ikalimang pinakamalaking hurisdiksyon sa pagboto sa

Estados Unidos na may 1.9 milyong rehistradong botante. Kami ay isang ahensya ng Kondado na tumatanggap ng pondo mula sa Pangkalahatang Pondo ng Kondado at pana-panahong pagbabalik ng nagastos mula sa pederal na pamahalaan, Estado ng California, at mga lokal na hurisdiksyon. Magbasa pa >>

**Mga Kontak sa Media:**
Aimara Freeman
Opisyal ng Impormasyong Pampubliko
714-567-5197
Mediasupport@ocvote.gov

**Pinagmulan:**
Registrar ng mga Botante sa Kondado ng Orange

PAALALA SA MGA EDITOR: Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang pahinang Tungkol sa Amin o tumawag sa media help line ng Registrar ng mga Botante sa 714-567-5197.